- isaalang-alang ito sa pagpapasya ng mga gastos (maaari kang utusang magbayad ng ilan o lahat ng mga pambatas na gastos ng kabilang partido).

Magkano ang halaga ng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya?

Ang halaga ng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya ay batay sa tagapagbigay ng serbisyo.

Ang mga pribadong tagapaglutas ang nagtatakda ng kanilang sariling mga halagang sisingilin.

Ang mga Family Relationship Centre ay nagbibigay ng hanggang tatlong oras na libreng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya ngunit maaaring maningil kung kakailanganin ng mga karagdagang sesyon.

Ang mga Family Relationship Centre at ang mga serbisyo sa paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya na pinondohan ng Pamahalaan ng Australia ay kinakailangang magkaroon ng isang patakaran sa halagang sisingilin na nagsasaalang-alang sa kakayahang makapagbayad ng kliyente.

Sino ang maaaring makapagbigay ng serbisyo ng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya?

Ang alinmang rehistradong tagalutas ng di-pagkakasundo sa pamilya ay maaaring magsagawa ng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya at, kung kinakailangan, ay magbigay ng isang sertipiko.

Ang isang rehistradong tagalutas ay maaaring isang organisasyon na tumatanggap ng pondo mula sa pamahalaan o di kaya'y isang pribadong tanggapan.

Ang lahat ng mga rehistradong tagalutas ay kailangang tumugon sa mga angkop na pamantayan sa pagsasanay, karanasan at kaangkupan.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa obligadong paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya o upang makahanap ng isang rehistradong Tagalutas ng di-pagkakasundo sa pamilya sa iyong lokal na lugar, tawagan ang **Family Relationship Advice Line** sa numerong **1800 050 321** o bisitahin ang website na: **www.familyrelationships.gov.au**. Ang **Family Relationship Advice Line** ay bukas mula **alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi Lunes hanggang Biyernes** at **alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon tuwing Sabado**.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pag-aaplay sa hukuman, tawagan ang National Enquiry Centre sa numerong 1300 352 000 o bisitahin ang website na: www.familylawcourts.gov.au. Sa Western Australia, tawagan ang Family Court of Western Australia call centre sa numerong (08) 9224 8222 o tawagan ang libreng numero para sa mga lugar sa kanayunan sa 1800 199 228 o bisitahin ang website na: www.familycourt.wa.gov.au.

Australian Government

Obligadong Paglutas ng Di-pagkakasundo sa Pamilya (Family Dispute Resolution)

Simula Hulyo 1, 2007 ay magkakaroon ng mga bagong pangangailangan para sa mga naghihiwalay na pamilya na nais na magpunta sa hukuman upang lutasin ang mga napagkasunduang kaayusan para sa kanilang mga anak.

Hinihimok ng mga pagbabago sa sistema ng batas pampamilya ang mga magulang na magkasundo sa mga kaayusan para sa kanilang mga anak nang hindi pumupunta sa hukuman. Ang paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya ay ang praktikal na paraan upang maayos ng mga naghihiwalay na pamilya ang mga ganitong pinagkakasunduang kaayusan.

Ang isang tagapaglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya ay maaaring makatulong sa iyo na talakayin ang mga isyu, tingnan ang mga mapagpipilian at alamin kung ano ang pinakamahusay na paraan upang magkasundo.

Kung malulutas ninyo ang inyong mga di-pagkakasundo nang hindi pumupunta sa hukuman, makakatipid kayo ng oras, pera, at maiiwasan ang marami pang problema.

Kailan magiging obligado ang paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya?

Simula Hulyo 1, 2007, kung nais mong mag-aplay sa hukuman para sa isang kautusan bilang magulang (at hindi ka pa nakapag-aplay dati), kakailanganin mo ng isang sertipiko mula sa isang rehistradong propesyonal sa paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya na nagpapatunay na may ginawang pagtatangkang paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya.

Inaasahan na simula Hulyo 1, 2008, ang pangangailangang ito ay sasaklaw sa lahat ng mga aplikasyon, kabilang ang mga nangangailangan ng pagbabago sa isang umiiral na kautusan bilang magulang.

May ilang mga maibubukod sa pangangailangang ito, kabilang ang mga kasong kinapapalooban ng karahasan sa pamilya o pang-aabuso ng bata.

Anu-ano ang mga eksepsyon?

Hindi mo kinakailangang dumalo sa paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya:

- kung ikaw ay nag-aaplay para sa mga kautusan sa pahintulot
- kung ikaw ay tumutugon sa isang aplikasyon
- kung ang usapin ay apurahan
- kung makukumbinsi ang hukuman na may mga makatuwirang dahilan upang paniwalaan na:
  - nagkaroon ng karahasan sa pamilya o pang-aabuso ng bata na ginawa ng isang partido
  - may panganib ng karahasan mula sa isang partido, o
  - may panganib ng pang-aabuso ng bata kung magkaroon ng pagkaantala.
- kung ang isang partido ay hindi makakalahok nang maayos (halimbawa, kung masyado silang malayo mula sa tagalutas ng di-pagkakasundo sa pamilya o sanhi ng kawalan ng kakayahan), o
- kung may nakialam na isang tao at nagpakita ng malubhang pagsuway sa kautusan ng hukuman na ginawa sa nakaraang 12 buwan.

Kapag nag-aaplay sa hukuman, kailangan mong magbigay ng impormasyon upang maipakita na ang isa sa mga eksepsyon ay naaangkop sa iyo.

Kung gagamitin mo ang eksepsyon na may kinalaman sa karahasan sa pamilya o pang-aabuso ng bata, kakailanganin mo ding kumuha ng impormasyon ukol sa iyong mga mapagpipilian at mga serbisyong makakatulong sa iyo. Kakailanganin mong makuha ang impormasyong ito mula sa isang tagapayong pampamilya o propesyonal sa paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya o sa pamamagitan ng pagtawag sa Family Relationship Advice Line sa numerong 1800 050 321.

Gayunpaman, hindi mo kailangang kumuha ng impormasyong ito kung makukumbinsi mo ang hukuman na may panganib ng karahasan o pang-aabuso ng bata. Kung ikaw ay may alalahanin tungkol sa iyong kaligtasan kailangan mong abisuhan ang hukuman.

Paano kung hindi gumagana ang paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya?

Kung susubukan mo ang paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya ngunit kailangan mo pa ding dalhin sa hukuman ang iyong kaso, kakailanganin mo ng isang sertipiko mula sa isang rehistradong tagalutas ng di-pagkakasundo sa pamilya.

Isasaad ng sertipiko ang isa sa mga sumusunod:

- hindi dumalo ang kabilang partido
- ikaw at ang kabilang partido ay dumalo at tunay na nagsumikap na malutas ang di-pagkakasundo
- ikaw at ang kabilang partido ay dumalo ngunit ang isa sa inyo o pareho sa inyo ay hindi tunay na nagsumikap na malutas ito (hal sa pamamagitan ng pagtangging lumahok), o
- nagpasya ang tagalutas ng di-pagkakasundo sa pamilya na ang iyong kaso ay hindi naaangkop para sa paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya.

Paunawa: Ang ibig sabihin ng partido ay ang kabilang tao o iba pang mga tao na kasangkot sa di-pagkakasundo bilang magulang, halimbawa, ang iyong dating kapareha.

Paano kung hindi ako dadalo o tunay na magsusumikap?

Kung kinakailangan ng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya para sa iyong kaso subalit:

- hindi ka dumalo, o
- hindi ka tunay na nagsumikap upang malutas ang di-pagkakasundo ay maaaring maantala ang pagdinig sa iyong kaso.

Dagdag pa dito, ang hukuman ay maaaring:

- mag-utos sa iyo at sa kabilang partido na dumalo sa paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya at/o